SANDIWA
OPISYAL NA PAHAYAGAN NG ST. MARTIN OF TOURS CREDIT AND DEVELOPMENT COOPERATIVE
SPECIAL ISSUE
Enero 2026
Bocaue, Bulacan

# HALALAN 2026

Narito ang mga opisyal na kandidato para sa 2026 St. Martin Coop General Election. Ang bawat isa sa kanila ay kasaping may mabuting reputasyon at pumasa sa itinakdang pamantayan ng ating Kooperatiba. Nasa inyong mga kamay ang pagpili ng mga pinunong magdadala sa atin tungo sa mas progresibong kinabukasan. Makiisa, bumoto, at maging bahagi ng pagbabago para sa ikauunlad ng ating Kooperatiba!

## Mga kandidato para sa BOARD OF DIRECTORS – DISTRICT I, pumili ng dalawa (2)



### 1. GALICIA, MARY GISELLE S.

Si Mary Giselle S. Galicia, 51 taong gulang, ay isang masipag na lider mula sa Bagumbayan, Bocaue, Bulacan. Isa siyang Respiratory Therapist at Adult Healthcare graduate. Matagal na siyang nagtatrabaho bilang Consultant sa Oil and Gas Offshore industry, habang pinatatakbo rin ang sarili niyang fireworks business sa Bocaue. Sa St. Martin Coop, hindi na bago ang kanyang serbisyo. Naging Miyembro ng Audit Committee, at sa kasalukuyan ay Miyembro ng Lupong Patnugutan at Tagapangulo ng Investment Committee. Dati rin siyang Barangay Kagawad at aktibong kasapi ng Konsehong Pambayan Para sa Kababaihan (KPK) at ng Association of Respiratory Care Practitioners of the Philippines, Inc. (ARCPP). Siya ay maybahay ni Jonathan Nicolas Galicia, isang Aircraft Engineer, at sila ay may apat na anak.



### 2. CRUZ, MINERVA H.

Si Minerva H. Cruz, 61 taong gulang, ay residente ng Biñang 2nd, Bocaue, Bulacan. Siya ay lisensiyadong nurse at nagtrabaho noon sa ospital. Sa kasalukuyan ay tutok na siya sa kanyang negosyo na pagawaan ng mga unan, punda, bedsheets, crib set at iba pa. Mayroon din siyang trading business ng mga damit, tuwalya at iba pang gamit sa bahay. Kinilala rin siya sa ating Kooperatiba bilang isang Modelong Kamay-ari. Siya ay mayroong tatlong anak.



### 3. DE JESUS, ADIEL SAM T.

Si Adiel Sam T. De Jesus, 30 taong gulang, ay nagmula sa Taal, Bocaue, Bulacan. Taglay ang kaalaman mula sa kanyang Bachelor's degree in Computer Engineering, itinatag niya ang sariling printing company, DCLA, Inc. Bukod dito, siya rin ay Operations Manager sa isang International Logistics Company. Kasalukuyan siyang naglilingkod sa St. Martin Coop bilang Miyembro ng Lupong Patnugutan at Tagapangulo ng Properties and Fixed Assets Committee. Siya rin ang Presidente ng Extraordinary Ministers of the Holy Communion ng St. Martin of Tours Parish–Bocaue. Pinarangalan siya bilang 2010 WRO Gold Medalist at 2017 Entrepreneurs' Organization Champion. Siya ay kasal kay Merolyn Joy C. De Jesus, isang Supervisor at OPS Support Manager sa isang pribadong kumpanya, at sila ay biniyayaan ng isang anak.



### 4. MARCELO, RONALDO E.

Si Ronaldo E. Marcelo, 58 taong gulang, ay tubong Taal, Bocaue, Bulacan at kasalukuyang naninirahan sa Lias, Marilao, Bulacan. Nakapagtapos siya ng Bachelor of Science in Medical Technology at naging Medical Technologist. Mayroon siyang 16 na taong karanasan sa public service, kung saan siya ay nahalal bilang Barangay Kagawad at kalaunan ay naging Punong-Barangay. Sa kasalukuyan, siya ay may paupahang residential apartment at mineral water station. Ang kanyang asawa na si Merlita Martin Marcelo ang namamahala sa kanilang grocery store. Sila ay biniyayaan ng dalawang anak..



### 5. HOLGADO, RIZALINA D.

Si Rizalina D. Holgado, 52 taong gulang, naninirahan sa Saog, Marilao, Bulacan. Siya ay nagtapos ng kursong Bachelor of Arts in Psychology at namasukan sa ilang pribadong kumpanya at paaralan kung saan siya ay naging Assistant to the Personnel Manager, Guidance Officer at kalaunan ay Alumni and Placement Officer. Siya ngayon ay isang Financial Advisor ng isang kilalang insurance company. Ang kanyang kabiyak na si Reynante Holgado ay OFW sa isang theme park. Mayroon silang isang anak.

## Mga kandidato para sa **BOARD OF DIRECTORS – DISTRICT II,** pumili ng isa (1)



### 1. CLAUDIO, PINKY DG

Si Pinky DG. Claudio, 49 taong gulang, ay naninirahan sa Pulong Buhangin, Sta. Maria, Bulacan. Nakapagtapos siya ng Bachelor's degree in Accountancy at nagtatag ng sariling negosyo, ang Ossium Medical Trading, Inc. Mayroon siyang mahabang karanasan sa paglilingkod sa St. Martin Coop, kung saan nagsilbi siya bilang Miyembro ng Lupong Patnugutan at sa kasalukuyan ay tumatayong Vice-Chairperson. Siya rin ang kasalukuyang Chairperson ng Finance and Budget Committee at ng Gender and Development Committee. Siya ay maybahay ni Michael Odin M. Claudio, isang entrepreneur, at sila ay biniyayaan ng tatlong anak.



### 2. TAN, KRISTOFFER G.

Si Kristoffer G. Tan, 26 taong gulang, ay kasalukuyang naninirahan sa Poblacion, Sta. Maria, Bulacan. Nakapagtapos siya ng Bachelor of Industrial Technology, Major in Mechatronics at nagsilbi bilang Team Leader sa isang Virtual Assistant Agency sa loob ng dalawang taon. Sa kasalukuyan, siya ay nanunungkulan bilang Chief Supply Chain Officer ng isang international-based na kumpanya sa USA, at kasabay nito ay nagtatrabaho rin bilang Truck Dispatch & Logistics Coordinator. Kasama ang kanyang maybahay na si Jennifer Tan, sila ay magkatuwang na nagpapatakbo ng kanilang e-commerce business na naglilingkod sa lokal at internasyonal na merkado.
Sila ay biniyayaan ng isang anak.



### 3. DELA ROSA, MARICOR B.

Si Maricor B. Dela Rosa, 46 taong gulang, ay naninirahan sa Parada, Sta. Maria, Bulacan. Nakapagtapos siya ng Bachelor of Science in Commerce, Major in Marketing. Minsan na siyang nanungkulan sa St. Martin Coop bilang Miyembro ng Lupong Patnugutan at Chairperson ng Investment Committee. Sa kasalukuyan, siya ay may hanapbuhay sa recycling industry at nagpapatakbo ng isang sari-sari store. Siya ay biniyayaan ng dalawang anak.

## Mga kandidato para sa **BOARD OF DIRECTORS – DISTRICT V,** pumili ng isa (1)



### 1. LORENZO, MARISSA S.

Si Marissa S. Lorenzo, 40 taong gulang, ay namamahala ng kanyang sariling trading business. Mayroon din siyang service center na nakatuon sa pag-aayos ng mga dokumento. Siya ay naninirahan sa Daan Sarile, Cabanatuan City, Nueva Ecija. Nagtapos siya ng Bachelor of Science in Business Administration, Major in Marketing. Kasalukuyan siyang nanunungkulan sa St. Martin Coop bilang Miyembro ng Lupong Patnugutan at Chairperson ng Credit and Delinquency Committee. Siya ay biniyayaan ng dalawang anak.



### 2. SANGUEZA, ROSALIE J.

Si Rosalie J. Sangueza, 48 taong gulang, ay na naninirahan sa Tramo, Sta. Rosa, Nueva Ecija. Nakapagtapos siya ng Bachelor of Science in Computer Programming subali't pinili niyang pumasok sa larangan ng pagnenegosyo, kung saan matagumpay niyang pinatatakbo ang isang clothing shop sa kanilang bayan. Sa pamamagitan ng kanyang sipag at tiyaga, naitatag niya ang reputasyon bilang isang negosyanteng mapagkakatiwalaan at may malasakit sa kanyang mga suki. Siya rin ay aktibong kasapi ng EAGLE, isang non-government organization (NGO) na nakatuon sa pagtulong at pagbibigay ng suporta sa iba't ibang sektor ng lipunan. Siya ay biniyayaan ng isang anak.



### 3. DOMINGO, CHU LIEN T.

Si Chu Lien T. Domingo, 41 taong gulang, ay isang masipag na negosyante na naninirahan sa Barangay Cavite, Guimba, Nueva Ecija. Nakapagtapos siya ng Bachelor of Science in Business Management, isang kurso na nagbigay sa kanya ng matibay na pundasyon sa larangan ng pamamahala at pagnenegosyo. Sa kasalukuyan, siya ay matagumpay na nagpapatakbo ng isang variety store at kasabay nito, ang kanyang asawa na si Romeo Domingo ay aktibong nakikibahagi sa negosyo bilang isang egg dealer, na nagbibigay ng karagdagang pinagkukunan ng kita para sa kanilang pamilya. Ang kanilang pagtutulungan sa iba't ibang larangan ng negosyo ay nagpapakita ng kanilang pagiging masinop at matatag sa pagharap sa hamon ng buhay. Sila ay pinagkalooban ng tatlong anak.

## Mga kandidato para sa AUDIT COMMITTEE, pumili ng dalawa (2)



### 1. DE OCAMPO, MYLA DC.

Si Myla DC. De Ocampo, 51 taong gulang, ay naninirahan sa Pulong Buhangin, Sta. Maria, Bulacan. Isa siyang Certified Public Accountant (CPA) na may higit sa 25 taon ng karanasan sa larangan ng auditing at accounting. Nagsilbi siya bilang Regional Accounting Manager at sa kasalukuyan ay Assistant Vice-President for Corporate Taxes sa isang pribadong kumpanya. Aktibo rin siya sa mga propesyonal na organisasyon tulad ng Philippine Institute of Certified Public Accountants (PICPA) at Association of Certified Public Accountants in Commerce and Industry (ACPACI). Sa St. Martin Cooperative, siya ay minsang nanungkulan bilang Pangulo ng Lupong Tagasuri. Maybahay ni Isagani De Ocampo, at sila ay biniyayaan ng dalawang anak.



### 2. NICOLAS, ELENITA D.

Si Elenita D. Nicolas, 46 taong gulang, ay tubong Bocaue at kasalukuyang naninirahan sa Barangay Bambang. Nakapagtapos siya ng Bachelor of Commerce, Major in Banking and Finance. Sa kasalukuyan, siya ay Miyembro ng Mediation and Conciliation Committee ng St. Martin Cooperative. Dati rin siyang nanilbihan sa Koopertiba bilang Vice-Chairperson at kalaunan ay naging Chairperson ng Lupong Tagasuri, na nagpatibay sa kanyang reputasyon bilang isang lider na may malasakit at dedikasyon sa serbisyo. Ang kanyang asawa na si Benjamin S. Nicolas, Jr. ay kasalukuyang nagtatrabaho bilang Caregiver sa ibang bansa. Sila ay biniyayaan ng isang anak.



### 3. SAN LUIS, ERWIN P.

Si Erwin P. San Luis, 36 na taong gulang, ay naninirahan sa Poblacion, Sta. Maria, Bulacan. Siya ay isang Certified Public Accountant at may Master Degree in Business Administration. Siya ngayon ang Chairperson ng Lupong Tagasuri ng St. Martin Coop. Sa kanyang unang termino, nanungkulan siya bilang Vice-Chairperson ng nasabing Lupon. Sa kasalukuyan ay isa siyang kamay-ari sa negosyo at Vice- Dean sa Dr. Yanga's Colleges, Inc. College of Accountancy. Siya ay may mahigit isang dekadang karanasan sa larangan ng accountancy, finance at investments. Siya rin ay naging kasapi at naging pinuno sa Singles Ministry ng St. Martin of Tours Parish, Bocaue, Bulacan. Kasal kay Angelique San Luis na isang negosyante at Certified Associate Accupuncturist. Sila ay pinagkalooban ng dalawang anak.



### 4. DELA CRUZ, ROQUE T.

Si Roque T. Dela Cruz, may edad na 42, ay naninirahan sa Cacarong Matanda, Pandi, Bulacan. Siya ay may Bachelor's degree in Accountancy at Masters in Business Administration. Kasalukuyan siyang Accounting Supervisor sa isang pribadong kumpanya at mayroon din siyang peanut butter business. Siya rin ay Presidente ng kanilang Homeowners' Association. Noong 2017, siya ay naging kandidato bilang konsehal ng Pandi. Siya ay may dalawang anak kay Camille G. Marcelo.



### 5. DELA PEÑA, GERTRUDES B.

Si Gertrudes B. Dela Peña, 58 taong gulang ay naninirahan sa Saog, Marilao, Bulacan. Siya ay nagtapos ng kursong Bachelor of Science in Commerce Major in Accounting. Sa unang termino niya bilang bahagi ng Lupong Tagasuri ng St. Martin Coop, siya ay naging Kalihim at kasalukuyang Vice-Chairpeson. Isa din syang Chief Accountant sa Dela Peña Accounting Services. Dating Pangulo ng Inner Wheel Club of the Philippines–Marilao at Member ng Rotary Club of Marilao Circle. Kasal kay Edgar Alan O. Dela Peña na isang dentista at mayroon silang dalawang anak.

## Mga kandidato para sa ELECTION COMMITTEE, pumili ng isa (1)



### 1. ROXAS, MILLIE GRACE G.

Si Millie Grace G. Roxas, may edad na 46 ay naninirahan sa Bagumbayan, Bocaue, Bulacan. Nagtapos ng Bachelor of Science in Business Administration Major in Management. Naglingkod siya sa St. Martin Coop bilang dating Kalihim at Chairperson ng Lupon sa Halalan. Siya ay Presidente ng SPPC Bagumbayan. Nagpapatakbo siya ng kanyang paupahang apartment, warehouse at rice mill. Siya ay naging Staff ni dating Konsehal Ken A. Valdez sa Sangguniang Bayan ng Bocaue. Mayroon siyang apat na anak.



### 2. CRUZ, REXIE N.

Si Rexie N. Cruz, 49 na taong gulang ay naninirahan sa Antipona, Bocaue, Bulacan. Siya ay nakapagtapos ng kursong Bachelor of Science in Business Administration. Sa St. Martin Coop, siya ay naging membership recruiter at Sub-search Committee Secretary at kalaunan ay naitalagang Chairperson nito. Pinapatakbo niya ang kanyang negosyong paglelechon, crispy pata/ulo, at iba pa. Siya ay biyuda at mayroong isang anak.



### 3. FELIZARDO, EMILY D.

Si Emily D. Felizardo ay isang dalaga, may edad na 49 at mula sa Bagumbayan, Bocaue, Bulacan. Siya ay nagtapos ng Bachelor in Physical Therapy. Naging bahagi siya ng St. Martin Coop Sub-search Committee bilang Kalihim at sa kalaunan ay naging Chairperson din. Dati siyang rice miller at sa kasalukuyan ay installer at dealer ng Korean window blinds. Siya ay naging aktibong miyembro ng Catholic Youth Organization Soroptimist International.

ST. MARTIN COOP

# GABAY SA PAGBOTO



- Makakatanggap ng imbitasyon sa pamamagitan ng e-mail or text message ang mga miyembro na maaaring bumoto. Kalakip din nito ang inyong Voter ID at Voter Key.



- Gamit ang inyong cellphone o computer na connected sa internet, i-access ang link para makaboto ng napiling kandidato.



- Kung walang access sa internet, o hindi nakatanggap ng election link maaaring magsadya sa mga sangay ng St. Martin Coop upang doon bumoto.



- Gamit ang ELEKOOP, maaari mo nang iboto ang napiling kandidato.

**QUALIFICATIONS OF MEMBERS ENTITLED TO VOTE**

1. Active Membership Status as of 12/31/2025,
2. Walang past due na higit sa 90 araw as of 12/31/2025,
3. May minimum required Share Capital at Savings Deposit as of 12/31/2025, at
4. Nakadalo sa kahit isang (1) G.A. / S.G.A. meeting mula 2023 hanggang 2025.

ST. MARTIN COOP

# 2026 ONLINE GENERAL ELECTIONS

## SCHEDULE

**DISTRICT 4**
Branch: San Miguel
Date: February 9, 2026 at 6:00 A.M. - February 13, 2026 at 10:00 A.M.

**DISTRICT 5**
Branch: Cabanatuan and Guimba
Date: February 16, 2026 at 6:00 A.M. - February 20, 2026 at 10:00 A.M.

**DISTRICT 3**
Branch: Guiguinto and Baliuag
Date: March 2, 2026 at 6:00 A.M. - March 6, 2026 at 10:00 A.M.

**DISTRICT 2**
Branch: Pulong Buhangin, Sta. Maria and Muzon
Date: March 9, 2026 at 6:00 A.M. - March 13, 2026 at 10:00 A.M.

**DISTRICT 1**
Branch: Poblacion, Bunlo, Taal, Meycauayan and Orani
Date: March 23, 2026 at 6:00 A.M. - March 27, 2026 at 10:00 A.M.

ST. MARTIN COOP

# 2026 SEQUENTIAL GENERAL ASSEMBLY MEETINGS

## SCHEDULE

### DISTRICT 4

**San Miguel Branch**
Date: **February 14, 2026, Saturday**
Time: **1:00 P.M.**
Venue: **San Miguel South Elementary School, Victor St., Poblacion, San Miguel, Bulacan**
Mode: **FACE-TO-FACE**

### DISTRICT 5

**Cabanatuan and Guimba Branches**
Date: **February 21, 2026, Saturday**
Time: **1:00 P.M.**
Venue: **Nueva Ecija High School (NEHS), Cabanatuan City, N.E.**
Mode: **FACE-TO-FACE & VIA ZOOM**
LINK: **https://bit.ly/SGA26D5**

### DISTRICT 3

**Guiguinto and Baliuag Branches**
Date: **March 7, 2026, Saturday**
Time: **8:30 A.M.**
Mode: **VIA ZOOM**
LINK: **https://bit.ly/SGA26D3**

### DISTRICT 2

**Pulong Buhangin & Pob., Sta. Maria and Muzon Branches**
Date: **March 14, 2026, Saturday**
Time: **8:30 A.M.**
Mode: **VIA ZOOM**
LINK: **https://bit.ly/SGA26D2**

### FINAL GENERAL ASSEMBLY MEETING
### DISTRICT 1 AND OTHER DISTRICTS

Date and Time: March 28, 2026, Saturday • 1:00 P.M.
Venue: Sto. Niño Academy, Biñang 2nd, Bocaue, Bulacan